Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 4

## I. Layunin

Pagkatapos ng isang oras at sampung minuto ang mga mag-aaral ay inaasahang:

A. nakapagbibigay ng mungkahing paraan ng wastong pangangasiwa ng likas na yaman ng bansa
B. naiuugnay ang matalinong pangangasiwa ng likas na yaman sa pag-unlad ng bansa
C. napapangalagaan ang kapaligiran at mga likas na yaman sa bansa

**Nilalaman**

a. Aralin
    - Pangangasiwa sa mga likas na yaman ng bansa
b. Sanggunian
    - Lakbay ng Lahing Pilipino Baitang 4
c. Kagamitan
    - PowerPoint Presention, Speaker, Video clip,
d. Pagpapahalaga
    - Ang wastong pagtugon sa isyu ng kapaligiran at pangangalaga sa mga likas na yaman

## II. Pamamaraan

| Gawain ng Guro | Gawain ng Mag-aaral |
|---|---|
| **A. Panimulang Gawain**<br><br>Magandang umaga!” | Magandang umaga din po Binibining Rose!” |
| **Pagbungad ng Panalangin**<br><br>Tayo ay Magsitayo at Manalangin” | Sa ngalan ng ama, ng anak, ng spirit santo amen, |
| “Bago umupo pulutin ang mga kalat sa inyong tabi at pagkatapos ay ayusin ang mga upuan” | |

| | |
|---|---|
| **Pagtala ng Liban** | |
| May mga lumiban ba sa klase ngayong araw? | Wala po |
| **Pagbabalik aral** | |
| Ano ang inyong natutuhan sa nakaraang leksyon? | Mga gawaing pangkabuhayan ng pilipinas |
| Sige nga, magbigay ng halimbawa ng mga gawaing pangkabuhayan ng pilipinas | |
| | (nagtaas ng kamay ang mga mag-aaral) Lambak |
| | Magsasaka |
| Magaling! | Mangingisda |
| Tama! | Manggagawa sa pabrika |
| Magaling! | trabrahador sa konstraksyon |
| **Pagganyak** | |
| Bago tayo magsimula sa ating talakayan ay may ipapakita o ipaparinig ako sainyo na awit tignan at pakinggang mabuti. | |
| Tungkol saan angawitin? | ( nagtaasan ang mga kamay ng mga-aaral) |

| | |
|---|---|
| | Kapaligiran po |
| Mahusay! | |
| Ano pa? | |
| | Likas na yaman |
| Ano raw ang nangyari sa ating kapaligiran?magbigay ng mga patunay | |
| | ( nagtaasan ang mga kamay ng mga-aaral)<br>Madumi na po ang hangin pati napo mga ilog natin |
| Tama! ano pa? | |
| | Ang dagat po ay kulay asul ngayon naging itim |
| Magaling! | |
| | Madumi ang hangin |
| Tama! ang inyong mga nabanggit<br><br>Ano kaya ang dahilan bakit nagkaganito ang ating kapaligiran? | |
| | (nagtaasan ang mga kamay ng mag-aaral)<br><br>Dahil po sa pagtatapon ng basura sa dagat at ilog |
| Tama! | |
| | Hindi po tama yung pagtatapon ng basura sa tamang tapunan |

| | |
|---|---|
| **B. Panlinang na Gawain**<br><br>**Paglalahad**<br><br>Ngayon naman pagmasdan mabuti ang mga larawan, subukang alamin kung anong problemang pangkapaligiran ang iyong makikita sa mga ito. | |
| | ( nagtaas ng kamay ang mga mag-aaral)<br><br>Nagtatapon po sila ng basura sa ilog |
| Tama! Susunod naman ay? | Pagpuputol po sila ng mga puno kaya po nakakalbo ang mga puno sa bundok at sa gubat |
| Magaling! Susunod ay? | Tambak tambak na mga basura po sa tabi hindi po maayus yung pagtatapon nila ng basura kaya ganyan po ang nangyari |
| Ano ang dapat natin gawin para hindi maging ganito yung itchura niya? | Dapat po ayusin po natin yung pagtatapon ng basura okaya naman po wag po tayong magkakalat o magiiwan ng mga basura natin kung saan-saan |
| Mahusay! Tama ang iyong sinabi. Ugaliin natin ang ganyan kahit saan man tayo magpunta, susunod na larawan naman ay? | Madumi po yung hangin o usok |
| Tama! Kung inyong mapapansin madumi at kulay itim yung usok ng mga sasakyan kaya tayo nagkakaroon ng polusyon, susunod naman ay? | |

| | |
|---|---|
| Tama! Wag na wag tayong magsusunog ng plastic kase nakakaapekto siya sa ating tinatawag na global warming<br><br>**C. Patatalakay**<br><br>Ngayon tatalakayin natin ang pangangasiwa sa mga likas na yaman ng bansa.<br><br>Ang pilipinas ay sagana sa napakaraming likas na yaman. Hindi tayo magkukulang sa lahat ng bagay kung mahusay natin itong mapangangasiwaan.<br><br>Mga isyung pangkapaligiran<br><br>Sa kasalukuyan ay maraming isyung pangkapaligiran ang kinahaharap ng ating bansa. Ito ang mga isyung dapat bigyan natin ng pansin at tugunan upang ang mga likas na yaman ng bansa ay hindi masira o maubos at magamit pa sa mga susunod na henerasyon. Ilan sa mga isyung pangkapaligirang kinakaharap ng bansa ay ang mga sumusunod:<br><br>Pang una? paki basa ng sabay-sabay<br><br>Magaling!<br>Ang polusyon sa hangin ay ang maruruming usok na sumisira sa kalawakan. Ang problemang ito ay laganap lalo na sa mga lungsod o lugar kung saan maraming pabrika o pagawaan at sasakyang nagbubuga ng maruming usok. Ang paggamit ng pang *insecticide* spray ng mga tao ay kasama rin sa nagdadala ng polusyon sa hangin. Ano-ano nga ba ang mga sakit na puwede natin makuha sa | Pagsusunog ng plastik<br><br>(nagbasa ng sabay-sabay ang mga mag-aaral)<br>Polusyon sa hangin |

| | |
|---|---|
| polusyon na ito? May ideya? | |
| | (nagtaas ng kamay ang mga mag-aaral)<br><br>Pag-ubo? Hirap sa paghinga |
| Tama!ano pa? | |
| | Sakit sa baga at sakit sa puso |
| Magaling! Meron pa? | |
| | Sakit po sa balat |
| Tama! Pagkairita ng mata, kanser, stroke, pulmonya. Ayan ang ilan lamang sa mga sakit na maaaring makuha sa polusyon.<br><br>Pangalawa naman ay? | |
| | (nagbasa ang mga mag-aaral ng sabay-sabay)<br><br>Global warming |
| Ang global warming bunga ng nakapipinsalang mga Gawain ng tao tulad ng pagtatanim sa pamamagitan ng sistemang kaingin,pagsunod ng kagubatan at basura gaya ng plastik. Sa bansang tropical gaya ng pilipinas, ang global warming ay maaaring makapagdulot ng matinding pagbabago sa klima gaya ng sobrang ulan sa panahon ng tag-ulan at sobrang init sa panahon ng tag-init. Ito ay may malaking epekto sa sektor ng agrikultura dahil sa matinding pagbaha at pagkatuyot ng mga lupa.<br>Pangatlo naman ay? | |
| | (nagbasa ang mga mag-aaral ng sabay-sabay)<br>Kakulangan at polusyon sa tubig |

| | |
|---|---|
| Ang pagtatapon ng mga basura,dumi, at paggamit ng nakalalasong kemikal sa mga katubigan at paggamit ng dinamita sa pangingisda ay ilan sa dahilan ng polusyon sa tubig. Nagbubunga ito ng pagkasira at pagkamatay ng anyong-tubig at mga yamang makikita rito gaya ng isda,halamang-tubig at iba pa.<br><br>Malaki ang epekto nito sa ating bansa dahil ang pangingisda o buhay sa katubigan ang isa sa mga pinakakakakitaan ng maraming Pilipino.<br><br>Ang pang-apat naman ay? | |
| | (nagbasa ng sabay-sabay ang mga mag-aaral)<br>Polusyon sa lupa |
| ang polusyon o dumi sa lupa ay madaming kadahilanan.ang pangunahing dahilan ay ang mga basurang ginagamit ng tao tulad ng papel,plastic,metal o mga tinatawag na *solid waste* at ibang pang bagay na itinatapon sa mga dumpsite o landfill. Ang mga dumi at iba pang kemikal mula sa mga pabrika,minahan at pagamutan ay sanhi rin ng polusyon sa lupa. Ito ay nakakaapekto sa kakayahan ng lupang magpatubo o magpalago ng halaman at mga pananim na nagbubunga ng mababang kita sa mgamagsasaka at panganib sa mga taong makakakain nito.<br><br>Pang-lima naman ay? | |
| | (sabay-sabay na nagbasa ang mga mag-aaral)<br>Pagkasira ng kagubatan/deforestation |
| Ang deforestation o walang habas na pagputol ng mga puno sa kagubatan ay isa ring malaking suliraning pangkapaligirang kinahaharap ng bansa. Ayon sa DENR, dati ay kalahati ng kabuoang 30 milyong ektaryang lupa ng pilipinas ang nababalutan ng kagubatan pero sa kasalukuyan ay limit na ito sa 7.2 milyong ektarya na | |

| | |
|---|---|
| lamang.<br><br>Pang-anim naman ay? | |
| | (saba-sabay na nagbasa ang mga mag-aaral)<br>Unti-unting pagkaubos o pagkawala ng mga natatanging hayop at halaman sa bansa o biodiversity |
| Magaling!<br><br>Ang ating bansa ay tahanan ng mga natatanging hayop at halaman na ang iba ay sa pilipinas lamang makikita. Ngunit sa pagkasira ng ating kapaligiran,ang mga halaman at hayop na ito ay nanganganib nang maubos o tuluyan nang mawala. Ang mga punongkahoy na tumutubo sa bansa ay kumakaunti na. ito ang nagiging dahilan kaya't maging ang mga natatanging hayop sa bansa ay nauubos na rin. Nasisira ang kanilang natural na tahanan sa lupa man o sa katubigan. Ilan sa mga itinuturing na endangered na halaman sa bansa ang tree fern, malapasnit, basilan yakal, kamagong,apitong, at iba pa. sa mga hayop naman ay endangered na rin ang hawksbill sea turtle, Mindanao bleeding-heart, calamian deer, Mindanao moonrat, at iba pa.<br><br>ngayon naman ay dumako naman tayo sa? Paki basa ng sabay-sabay | |
| | (sabay-sabay na nagbasa ang mga mag-aaral)<br><br>"Matalinong pangangasiwa ng likas na yaman sa pag-unlad ng bansa at ang pananagutan ng bawat Pilipino sa pangangasiwa at pangangalaga nito" |
| Magaling!<br><br>Malinaw na isinasaad ng konstitusyon na pananagutan ng bawat pilipinong pangalagaan ang ating mga likas na yaman. Ang wastong paggamit at pangangalaga ng mga likas na yaman | |

| | |
|---|---|
| ay hindi lamang sa ikabubuti ng ating buhay sa kasalukuyang panahon kundi lalo't higit para din sa kinabukasan at kapakanan ng susunod pang henerasyon.<br><br>Narito ang mga simpleng paraan kung paano natin mapangangalagaan an gating likas na yaman. Paki basa nga po ng sabay-sabay. | |
| | (sabay-sabay na nagbasa ang mga mag-aaral)<br>Pagtatanim o muling pagtatanim ng mga puno at halaman |
| Ayan mga bata ugaliin nating magtanim ng mga halaman kung puputol ka naman ng puno puwede mo siyang palitan ng halaman.susunod naman ay? | |
| | Pagpapanatiling malinis na kapaligiran sa pamamagitan ng pagtatapon ng mga basura sa tamang lalagyan nito. |
| Kayo ba ay nagtatapon ng basura sa tamang tapunan? Wag tayong magtatapon ng basura kahit saan yung mga pinagkainan niyo wag basta itapon sa tabi-tabi lang sana mas macaroon pa tayo ng disiplina sa ating sarili at para makatulong tayo sa ating kapaligiran na maging malinis.susunod naman ay? | |
| | Pagbabantay sa kapaligiran laban sa mga illegal na mangingisda,magtotroso o iba pang mapagsamantala sa kapaligiran |
| Ayan yung mga mangingisda na pasaway na gumagamit ng dinamita sa dagat para lang makarami ng isda, ang paggamit ng illegal na dinamita sa dagat ay bawal hindi lang isda ang mapeperwisyo pati ang mga nasa ibaba ng dagat ang mga chorals kung tawagin mga tirahan ng isda. Sa pagtotroso naman ang mga ginagamit at baril sa paghuhuli sa mga hayop. | |

| | |
|---|---|
| Susunod naman ay? | |
| | Pagsuporta at pakikilahok sa mga proyekto ng pamahalaan upang mapangalagaan ang kapaligiran |
| Ano-ano nga ba ang mga proyektong iyan ? halimbawa ng oplan sagit gubat at clean and green project. Nagkaroon na ba kayo ng ganito proyekto sa iskwelahan ? | |
| | Opo |
| Susunod naman ay? | |
| | (sabay-sabay na nagbasa ang mga mag-aaral)<br>Pagsasagawa o pagsasabuhay ng 3rs<br>-Reuse<br>-Reduce<br>-Recycle |
| Familiar ba kayo sa mga ito? | |
| | Opo! |
| Ano nga ba ang 3rs? Pang una ano ang reuse? | |
| | (nagtaasan ng kamay ang mga mag-aaral) ito yung muling paggamit ng bagay na luma o pagrerenta na lamang sa halip na bumili ng bago. |
| Tama! Ano naman kaya ang reduce? | |
| | Ang reduce naman ay pagbawas sa paggamit ng mga bagay na hindi mabuti sa kapaligiran. |
| Magaling!tama | |
| | Ang recycle naman ito yung pagpoproseso ng mga bagay na patapon o itinuturing na |

| | |
|---|---|
| Tama ka diyan!<br><br>Para sa karagdagan pagsasagawa ng composting o paggamit ng mga basurang nabubulok upang maging pataba<br><br>Pagsasagawa ng waste segregation o paghihiwalay ng mga basurang nabubulok at di nabubulok sa mga tahanan<br><br>Paggamit ng organikong pataba tulad ng dumi ng hayop halimbawa dumi ng kalabaw, at nabubulok na halaman bilang pataba<br><br>Ito naman ang ilang mga patakaran at programa ng pamahalaan upang mapangasiwaan at mapangalagaan ang ating likas na yaman.<br><br>Pagpapatupad ng programa hinggil sa sustainable development o programang may kinalaman sa wastong paggamit at pagpreserba ng mga likas na yaman upang may magamit pa sa susunod na henerasyon.<br><br>Paglulunsad ng **Ecological Waste Management Act** o Republic Act No. 9003 sa pangunguna ng Local Government Units(LGUs). Bahagi ng programang ito ang pagtuturo sa mga mamamayan kung paano maisagawa ang maayus na paraan ng pagtatapon ng mga basura, kung paano mag compost pit, gayundin ang paano mapapakinabangan ang mga bagay na patapon o recycle.<br><br>Pagpapatuloy ng Clean Air Act o RepublicvAct No.8749 o kampanya upang mapanatiling malinis ang hangin lalo na sa mga lungsod.<br><br>Paglulunsad ng Philippine Fisheries Act o Republic Act No.8550 na nagtatadhana ng pagpapaunlad at pamamahala ng konserbasyon ng | basura gaya ng plastic,metal,bakal at iba pang bagay na hindi nabubulok |

| | |
|---|---|
| pangisdaan at lamang-dagat<br><br>Pagpapatupad ng DENR ng pambansang programa sa paggugubat at mapanatili ito at ng oplan sagip gubat kung saan ipinag-uutos ang ganap na pagbabawal sa pagtotroso sa lahat ng matatandang gubat | |
| **D. Paglalahat**<br><br>Sagutin ang mga katanungan.<br>1. Ano-ano ang mga simpleng paraang makatutulong upang mapangasiwaan o mapangalagaan ang ating mga likas na yaman? | Magtalim ng halaman at puno,magtapon ng basura sa tamang tapunan,wag gagamit ng illegal na dinamita sa pangingisda at armas sa pagtotroso, sumoposta sa mga proyektong pang kapaligiran,pagsasagawa at pagsasabuhay sa 3Rs reuse,reduce at recycle. |
| 2. Ano kaya ang posibleng mangyari kung hindi mapapangasiwaan nang mahusay an gating likas na yaman? | Ang likas na yaman natin ay masisira na at mawawala na ng tuluyan ikakamatay ng mga hayop at hanap buhay ng mga tao kung hindi to bibigyan ng halaga. |
| 3. Bilang isang mag-aaral,anu-ano ang maibabahagi niyo o magagawa niyo para mapabuti ang kapaligiran? | Bilang isang mag-aaral ay maibabahagi mo ang mapanatiliin malinis ang ating kapaligiran sa araw-araw na buhay, magkaroon tayo ng disiplina sa ating sarili. |
| **E. Paglalapat** | |

| | |
|---|---|
| Sabihin kung nabubulok o di-nabubulok ang mga sumusunod.<br><br>1. Balat ng prutas<br>2. Papel<br>3. Karne ng baboy<br>4. Dahon<br>5. Gulay<br><br>**F. Pagpapahalaga**<br><br>Paano natin mapangangalagaan ang ating kapaligiran at likas na yaman sa bansa? | 1.Nabubulok<br>2.Di-nabubulok<br>3.Nabubulok<br>4.Nabubulok<br>5.Nabubulok<br><br>Kung tayo ay magtutulong-tulong sa pangangasiwa sa likas na yaman,hindi natin ito aabusuhin at sisirain sapat na meron tayong disiplina sa ating kapaligiran. |

**III. Pagtataya**

Lagyan ng smile ☺ ang bilang kung ang pangungusap ay nagpapakita ng kaisipang ukol sa matalinong paggamit ng likas na yaman, at sad ☹ kung hindi

1. Hagdan-hagdang pagtatanim
2. Pagsunog ng mga basura
3. Pagtatatag ng mga sentrong kanlungan para sa mababangis na hayop at mga ligaw na halaman.
4. Bio-intensive gardening
5. Reuse,Reduce,Recycle

**IV. Takdang Aralin**

Magdala ng mga bagay na puwede nating ibilang sa reuse,reduce at recycle.